# Ang paglalakbay patungo sa net zero



**Bilang isang nagmamalaking powerhouse na pang-industriyal, ang Hunter ay kinalalagyan ng:**

- Isang malawak na pwersa ng manggagawa na may karanasan sa mabibigat na industriya, pagmimina, bakal (steel), aluminium at abanteng paggawaan.
- Mahalagang imprastruktura, kabilang ang mga gas pipelines, electricity transmission lines at wastewater na imprastruktura.
- Primera klaseng mga pasilidad sa pagluluwas kabilang ang Port of Newcastle at Newcastle Airport.

Ngayon na ang Australya ay patungo sa isang net zero, ang Hunter ay maayos na nakapwesto upang:

- **Mang-akit ng mga pamumuhunan**
- **Mangalap ng mga proyekto**
- **Magtatag ng isang ligtas at umuunlad na ekonomiya sa hinaharap.**

# Anong suporta ang makukuha?

Ang Pamahalaang Australya ay makikipagtulungan sa mga komunidad ng Hunter para magbigay ng mga pagkakataon sa pagsasanay, suporta para sa muling-kasanayan at pagkaka-empleyo.

## Suporta sa manggagawa



Ang rehiyonal na mga Workforce Transition Officer ay nakikipagtulungang mabuti sa mga lokal na Tagapamagitan sa Pag-eempleyo upang:


- Maghatid ng isang Plano ng Regional Workforce Transition
- Tumulong sa mga negosyo sa kanilang mga pangangailangan ukol pwersa ng manggagawa
- Suportahan ang mga lokal na TAFE at unibersidad sa pagbubuo ng mga solusyon sa pagsasanay.

## Mga programa sa kasanayan at pagsasanay



- Ang New Energy Apprenticeships Program ay nagbibigay ng suportang pinansyal ng hanggang $10,000 para makatulong sa mga nag-eensayo (apprentice) sa kahusayan sa sektor ng malinis na enerhiya.
- Ang mga Tagapagbigay ng New Energy Apprenticeship Mentoring na susuporta sa pagsasanay ng mga nag-eensayo sa pagbubuo ng pwersa ng manggagawa para sa malinis na enerhiya.

**Sa pagkakasamang pagtutulungan, mabibigyang lakas natin ang Hunter na maging bahagi ng bagong pwersa ng manggagawa para sa malinis na enerhiya.**



Australian Government

Upang malaman kung paanong ang Hunter ay nangunguna sa pagpapabagong-anyo sa enerhiya, bisitahin ang **futuremadeinaustralia.gov.au**